MGA PROPESYON SA PAMAMAGITAN NG PAGLILINGKOD NG MANGGAGAWANG NASA PAGSASANAY PA LANG

Makukuha ang mga programa ng paglilingkod ng manggagawang nasa pagsasanay pa lang para sa maraming trabahong nangangailangan ng kasanayan sa Ontario. Narito ang ilan sa mga karaniwang trabaho:

Konstruksyon

- Brick at stone mason
- Construction boilermaker
- Construction craft worker
- Construction millwright
- Drywall, acoustic at lathing applicator
- Electrician
- General carpenter
- Glazier at metal mechanic
- Hoisting engineer
- Ironworker
- Lineworker
- Pintor at decorator
- Tubero
- Refrigeration at air-conditioning mechanic
- Sheet metal na manggagawa
- Sprinkler at fire protection installer
- Steamfitter

Paglilingkod

- Arborist
- Panadero
- Kusinero/a
- Educational assistant
- Hairstylist
- Horticultural technician

Pang-Industriya

- Karpintero ng mga muwebles
- Facilities technician
- General machinist
- Industrial electrician
- Industrial instrument mechanic
- Industrial mechanic millwright
- Metal fabricator (fitter)
- Mould maker
- Pattern maker
- Tool at die maker
- Welder

Motive power

- Agricultural equipment technician
- Alignment at brakes technician
- Auto body repairer
- Automotive painter
- Automotive service technician
- Farm equipment mechanic
- Heavy duty equipment technician
- Motive power machinist
- Motorcycle technician
- Transmission technician
- Truck at coach technician
- Truck-trailer service technician

MGA OPISINA UKOL SA PAGSASANAY SA TRABHAHO

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagtuturo para sa pagsasanay sa trabaho, kontakin ang opisina ng Ministri ng Pagsasanay, mga Kolehiyo at mga Pamantasan apprenticeship na pinakamalapit sa inyo o tawagan ang Employment Ontario sa 1-800-387-5656 o TTY (416) 325-4084, o tingnan ang www.ontario.ca/employmentontario.

Sentrong Distrito

Toronto .....(416) 326-5800
Pickering .....(905) 837-7721
Mississauga .....(905) 279-7333
Barrie .....(705) 737-1431

Kanlurang Distrito

Hamilton .....(905) 521-7764
Brantford .....(519) 756-5197
St. Catharines .....(905) 704-2991
Owen Sound .....(519) 376-5790
London .....(519) 675-7788
Sarnia .....(519) 542-7705
Waterloo .....(519) 571-6009
Windsor .....(519) 973-1441
Chatham .....(519) 354-2766

Silanganing Distrito

Ottawa .....(613) 731-7100
Brockville .....(613) 342-5481
Cornwall .....(613) 938-9702
Kingston .....(613) 545-4338
Pembroke .....(613) 735-3911
Peterborough .....(705) 745-1918
Belleville .....(613) 968-5558

Hilagang Distrito

Sault Ste. Marie .....(705) 945-6815
North Bay .....(705) 495-8515
Sudbury .....(705) 564-3030
Timmins .....(705) 235-1950
Thunder Bay .....(807) 345-8888
Kenora .....(807) 468-2879

EMPLOYMENT ONTARIO

Ontario's employment & training network

Sertipikasyon para sa Paglilingkod ng Manggagawang nasa Pagsasanay pa lang at para sa Pangangalakal

Apprenticeship and Trade Certification
Tagalog

Ontario

ANG PAGLILINGKOD NG MANGGAGAWANG NASA PAGSASANAY PA LANG

Ano ang paglilingkod ng manggagawang nasa pagsasanay pa lang?

Ang paglilingkod ng manggagawang nasa pagsasanay pa lang ay isang programa ng pagtuturo sa trabaho para sa mga taong gustong magtrabaho sa isang kalakal na nangangailangan ng kasanayan at ikinasisiya nilang matuto sa pagtatrabaho. Ang mga 90 porsiyento ng paglilingkod ng manggagawang nasa pagsasanay pa lang ay tinuturo ng mga pinagtatrabahuhan sa mismong lugar ng trabaho. Ang natitira ay natututunan sa paaralan na karaniwang sa lokal na community college, ngunit pwede ring matutunan sa pamamagitan ng iba pang inaprobahang organisasyon para sa pagsasanay. Ang taong sinasanay sa trabaho ay tinatawag na aprentis.

Parehong pinakikinabangan ng mga pinagtatrabahuhan ang paglilingkod ng manggagawang nasa pagsasanay pa lang. Tumutulong ang mga Pinagtatrabahuhan na lumikha ng grupo ng mga manggagawa sa mga trabahong nangangailangan ng kasanayan na makakatulong na panatilihing makumpitensya ang negosyo. Sinasanay ang mga aprentis at ito ay nakakatulong sa kanilang simulan ang kanilang mga propesyon bilang mga manggagawa sa trabahong nangangailangan ng kasanayan.

Ang mga aprentis ay mga manggagawa rin, kaya kumikita sila habang natututo.

Ang mga Pinagtatrabahuhan na nagbibigay ng trabaho sa mga aprentis sa mga ilang kalakal ay maaaring karapat-dapat na makatanggap ng taks kredit mula sa province. Makakapagbigay ng karagdagang impormasyon ang mga consultant sa pagsasanay sa mga tanggapan ng ministri.

Bakit ba dapat akong maging isang aprentis?

Ang paglilingkod ng manggawang nasa pagsasanay pa lang ay nagbibigay ng pagkakataon para makapagtrabaho sa mga trabahong malaki ang sweldo na kailangan ang napakahusay na mga kasanayan, ng pagpapasya, at ng pagkamalikhain. Patuloy na dumarami ang pangangailangan para sa mga manggagawa sa mga trabahong nangangailangan ng kasanayan, na ang mga pinakamahusay na manggagawa sa mga ilang kalakal ay kumikita nang higit sa $50,000 sa isang taon. Ginagamit ng maraming manggagawa sa mga trabahong nangangailangan ng kasanayan ang kanilang karanasan bilang hakbang patungo sa kanilang hangarin ng mga trabahong pangasiwaan, habang ang iba naman ay nagbubukas ng kanilang sariling negosyo.

Pwede bang maging aprentis ang kahit sino?

Importante sa pagtatagumpay bilang isang aprentis ang makapagtapos ng mataas na paaralan at may karununggan sa math, mga agham, at sa pakikipagtalastasan.

Paano ba ako pwedeng maging isang aprentis?

Ang isang taong gustong maging aprentis ay kailangan munang maghanap ng isang pinagtatrabahuhan na pumapayag na bigyan ng trabaho ang isang taong sinasanay. Tapos kokontakin ng taong sinasanay o ng pinagtatrabahuhan ang consultant sa pagsasanay sa pinakamalapit na opisina ng pagsasanay sa trabaho ng Ministri ng Pagsasanay, mga Kolehiyo at mga Pamantasan (Ministry of Training, Colleges and Universities). Makikipagkita ang consultant sa pagsasanay sa taong sinasanay at sa pinagtatrabahuhan upang alamin ang kakayahan sa pagtuturo ng pinagtatrabahuhan.

Sa oras na mapagpasyahan ng consultant na may maituturong napakahusay na pagsasanay, ang taong sinasanay at ang pinagtatrabahuhan ay pipirma ng isang kontrata o kasunduan ng pagsasanay, na nirerehistro bilang isang aprentis ang taong sinasanay, at nag-uumpisa na ang pagsasanay.

Gaano katagal ang pagsasanay ng isang aprentis?

Magkakaiba ang panahon ng pagsasanay ng mga aprentis, depende sa trabaho at sa mga kakayahang kailangang matutunan.

Magkano ang kailangang bayaran para maging isang aprentis?

Ang mga aprentis at mga manggagawa sa mga trabahong nangangailangan ng kasanayan ay may binabayaran para sa mga ilang serbisyo. Para sa karagdagang impormasyon, magtanong sa isang consultant sa pagsasanay sa opisina ng pagsasanay sa trabaho ng Ministri ng Pagsasanay, mga Kolehiyo at mga Pamantasan.

Pwede bang maging isang aprentis ang isang estudyante sa mataas na paaralan?

Oo. Ang Programa ng Ontario para sa Pagsasanay sa Trabaho ng Kabataan (Ontario Youth Apprenticeship Program) ay nagbibigay sa mga estudyante na hindi mas bata sa 16 taong gulang at patungong Grade 11, ng pagkakataong magtapos ng mataas na paaralan habang nagtatrabaho nang part-time bilang isang nakarehistrong aprentis. Kailangang kontakin ng mga estudyanteng interesado sa programa ang kanilang guidance counsellor, o ang pinakamalapit na opisina ng ministri para sa paglilingkod ng manggagawang nasa pagsasanay pa lang.

Anong mangyayari sa oras na makumpleto ng isang aprentis ang pagsasanay?

Kailangang patotohanan ng mga aprentis sa kanilang pinagtatrabahuhan na sila ay may kakayahan sa mga kakayahang inilalarawan sa itinatakdang mga pamantayan ng industriya na itinatag para sa trabahong nangangailangan ng kasanayan. Sa panahong naipakita ng aprentis itong mga kakayahan at kanyang nakumpleto ang kinakailangang sa-trabaho at sa-paaralang pagsasanay, pwede siyang kumuha ng isang nakasulat na iksamen para sa sertipikasyon (kung saan kinakailangan ito).

Pagkatapos niyang kumpletuhin ang programa ng paglilingkod ng manggagawang nasa pagsasanay pa lang, maaaring makatanggap ang aprentis ng dalawang sertipiko mula sa Ministri ng Pagsasanay, mga Kolehiyo at mga Pamantasan. Ipinapakita ng Sertipiko ukol sa Pagsasanay sa Trabaho na matagumpay na kinumpleto ng aprentis ang isang progama ng pormal na pagsasanay sa isang partikular na trabaho. Ang Sertipiko ng Kakayahan ay binibigay sa aprentis na pumasa sa isang nakasulat na iksamen na binibigay ng province ukol sa kakayahan na kinakailangan sa isang partikular na trabaho.

© Queen's Printer for Ontario, 2007

ISBN 978-1-4249-3674-8 (PDF)

Printed on recycled paper

Nakasaad dito na ang mga kakayahan at karununggan ng aprentis ay sumasapat sa mga pamantayan na itinatakda ng industriya para sa mga may-kasanayang manggagawa ng trabahong iyon. Ang isang kandidato ay kailangang makatanggap ng markang hindi bumababa sa 70 porsiyento upang makapasa sa iksamen.

Pwede bang maghanap ng trabaho saanman sa Canada and isang manggagawa sa trabaho na nangangailangan ng kasanayan?

Ang mga manggagawa na tumanggap ng kanilang pagsasanay sa Ontario ay pwedeng magtrabaho kahit saan sa province. Ang mga kasunduan sa pagitan ng mga province at mga territory ay nagpapahintulot sa mga manggagawa sa trabahong nangangailangan ng kasanayan na makapagtrabaho kahit saan sa Canada. Makakapagbigay ng karagdagang impormasyon ang mga consultant sa pagsasanay sa mga opisina ng ministri para sa paglilingkod ng manggagawang nasa pagsasanay pa lang.

SERTIPIKASYON NG MGA MANGGAGAWA

Upang makapagtrabaho sa mga ilang trabaho na nangangailangan ng kasanayan, kailangang may Sertipiko ng Kakayahan ang mga manggagawa. Nakasaad sa sertipikong ito na sila ay pumasa sa isang iksamen na binibigay ng province na tinatasa ang kanilang karununggan sa kanilang trabaho.

Upang makakuha ng binibigay ng province na nakasulat na iksamen ukol sa kakayahan, kailangang patunayan ng mga aplikante na sila ay may karanasan sa trabahong iyon. Kabilang sa mga halimbawa ng pagpapatunay ang pagkumpleto ng paglilingkod ng manggagawang nasa pagsasanay pa lang at mga dokumento na pinapakitang sinasapat ng panahon ng pagsasanay ang hindi kumukulang sa pinakamababagang mga pamantayan ng industriya, o pagpapatunay ng sapat na may-kaugnayang karanasan bilang isang manggagawa sa trabahong nangangailangan ng kasanayan.

Mapapagpayuhan ng mga consultant sa mga opisina ng ministri para sa paglilingkod ng manggagawang nasa pagsasanay pa lang ang mga aplikante tungkol sa kung paano tipunin ang mga dokumento na kailangan nila upang patunayang may mga kakayahan silang kumuha ng nakasulat na iksamen. Ini-ebalwa rin ng mga consultant ang pagpapatunay sa mga doumentong ito upang malaman kung ang mga aplikante ay karapat-dapat kumuha ng nakasulat na iksamen.

Hinihiling rin ng maraming pinagtatrabahuhan na ang mga manggagawa sa mga trabahong nangangailangan ng kasanayan ay may Sertipiko ng Pagsasanay. Ipinagkakaloob itong sertipiko bilang pagpapatunay na nakumpleto ng manggagaw ang pagsasanay sa trabaho at sinasapat niya ang mga pamantyan para sa kakayahan na itinatakda ng industriya.

May mga singil para sa mga ilang serbisyo. Makakapagbigay ng karagdagang impormasyon ang mga consultant sa mga opisina ng ministri para sa paglilingkod ng manggagawang nasa pagsasanay pa lang.